

## Ano ang tanging katotohanan tungkol sa pinagmulan ng buhay?

Ang kalagayan ng mga tao sa mundo na lumulutang sa kalawakan ay tulad ng mga pasahero mula sa iba't ibang kultura na nagkatipon sa isang eroplano na bumabagtas sa isang di alam na destinasyon at may di kilalang piloto, at napilitan silang magsilbi sa kanilang mga sarili at tiisin ang hirap sa eroplano.

May dumating na mensahe sa isa sa mga miyembro ng tripulante mula sa piloto ng eroplano na nagpapaliwanag sa kanila ng dahilan ng kanilang pag-iral, saan sila nagmula, at saan sila patungo, at nagbigay ng impormasyon tungkol sa mga katangian ng piloto at paraan ng direktang pakikipag-ugnayan sa kanya.

Sabi ng unang pasahero: "Oo, malinaw na ang eroplano ay may piloto, at siya ay maawain dahil nagpadala siya ng tao para sagutin ang ating mga katanungan."

Sabi ng pangalawang pasahero: "Ang eroplano ay walang piloto at hindi ako naniniwala sa sugo: tayo ay nagmula sa wala at tayo ay narito nang walang layunin."

Sabi ng pangatlong pasahero: "Walang nagdala sa atin dito, tayo ay nabuo nang pabigla-bigla lamang."

Sabi ng pang-apat: "Ang eroplano ay may piloto, ngunit ang sugo ay anak ng piloto at ang piloto ay nagpakita sa anyo ng kanyang anak upang mamuhay kasama natin."

Sabi ng panlimang pasahero: "Ang eroplano ay may piloto, ngunit hindi siya nagpadala ng mensahe, at ang piloto ay nagpapakita sa anyo ng iba't ibang bagay upang mamuhay kasama natin, at wala tayong tiyak na destinasyon kaya mananatili tayo sa eroplano."

Sabi ng pang-anim: "Walang piloto at gusto kong magtakda ng sarili kong imahinaryong simbolikong piloto."

Sabi ng pang-pitong pasahero: "May piloto at inilagay niya tayo sa eroplano at hindi na siya nakikialam, hindi na siya nakikialam sa mga bagay natin o sa eroplano."

Sabi ng pang-walo: "May piloto at iginagalang ko ang kanyang sugo, ngunit hindi natin kailangan ng mga batas sa loob ng eroplano para tukuyin kung ang isang gawain ay mabuti o masama. Gusto natin ng mga patakaran sa pakikitungo sa isa't isa

na batay sa ating sariling kagustuhan at hangarin, kaya't gagawin natin ang anumang makapagpapasaya sa atin."

Sabi ng ikasiyam na pasahero: "May piloto at siya ang aking piloto lamang. Lahat kayo ay narito upang paglingkuran ako. At hindi kayo makakarating sa inyong destinasyon kahit anong mangyari."

Sabi ng ikasampu: "Ang pagkakaroon ng piloto ay relatibo, siya ay naroroon para sa mga naniniwala sa kanya, at wala para sa mga tumatanggi sa kanyang pagkakaroon. Lahat ng pananaw ng mga pasahero tungkol sa piloto, layunin ng biyahe, at paraan ng pakikitungo ng mga pasahero sa isa't isa ay tama."

Naiintindihan natin mula sa kwentong ito, na nagbibigay ng ideya sa mga aktwal na pananaw ng mga tao sa kasalukuyan sa mundo tungkol sa pinagmulan ng buhay at layunin ng buhay:

Na mula sa lohika, ang eroplano ay may isang piloto na marunong magpatakbo at nagdadala nito mula sa isang lugar patungo sa ibang lugar para sa isang tiyak na layunin, at walang sinuman ang maaaring hindi sumang-ayon sa katotohanang ito.

Na ang taong tumatanggi sa pagkakaroon ng piloto o may iba't ibang pananaw tungkol sa kanya, ay siyang kailangang magbigay ng paliwanag at maaaring tama o mali ang kanyang pananaw.

Para sa pinakamataas na halimbawa, kung ilalapat natin ang simbolikong halimbawang ito sa katotohanan ng pagkakaroon ng lumikha, makikita natin na ang iba't ibang teorya tungkol sa pinagmulan ng buhay ay hindi nagpapawalang-bisa sa pagkakaroon ng isang absolutong katotohanan, na:

Na ang Diyos na Lumikha, ang nag-iisang Diyos na walang katambal o anak, ay hiwalay at kakaiba sa Kanyang mga nilikha at hindi nag-aanyong tulad nila. Kung sakaling ang buong mundo ay maniwala na ang Diyos ay nagkakatawang-tao bilang hayop o tao, hindi ito magiging totoo. Ang Diyos ay higit pa sa anumang maisip ng tao.

Na ang Diyos ay makatarungan, at bilang tanda ng Kanyang katarungan, Siya ay nagbibigay ng gantimpala at parusa. Siya rin ay may ugnayan sa mga tao, sapagkat hindi Siya magiging Diyos kung Kaniyang nilikha ang tao at iniwan sila. Kaya't

nagpapadala Siya ng mga sugo upang ipakita ang tamang daan at ipahayag ang Kanyang kalooban - ang sambahin Siya at humingi ng tulong sa Kanya lamang, nang walang tagapamagitan gaya ng pari o santo. Ang mga sumusunod sa landas na ito ay makakatanggap ng gantimpala, at ang lumilihis dito ay paparusahan, na makikita sa kabilang buhay sa paraiso at impiyerno.

Ito ang tinatawag na "Relihiyong Islam," ang tanging relihiyon na kinalulugdan ng Diyos para sa Kanyang mga nilikha.

سؤال وجواب حول الإسلام

Source: <https://islam.contact/qa/tl/show/45/>

Arabic Source: <https://islam.contact/qa/ar/show/45/>

Wednesday 15th of April 2026 12:38:38 AM